

1

*T*hou shall not fall for your best friend's boyfriend.

Isa iyon sa mga commandments na istriktong sinusunod ni Laura. Maling-mali kasi. Kahit saang anggulo mo tingnan, walang magandang patutunguhan ang magkagusto sa lalaking pag-aari na, hindi lang basta ng iba, kundi ng mismong best friend mo pa. It would only lead to disaster and heartbreak. Di na baleng siya ang naunang nagkagusto kay Hank at siya ang una nitong naging kaibigan bago nito naging girlfriend ang best niyang si Ingrid.

Sure, it had been hell when she found out about it. Tinawagan siya ni Ingrid para mag-back out sa annual Valentine's Day Single Best Friends date nilang dalawa

dahil sinagot na nga raw nito si Hank at ang lalaki na ang kasama nitong lalabas sa araw na iyon. Doble dagok iyon sa kanya at dinamdam iyon nang malupit ni Laura. That was one of the many reasons kung bakit traumatic sa kanya ang Valentine's.

Ilang gabi siyang umiyak noon. Ilang playlists ng makabagbag-damdaming mga kanta ng mga sawi ang ginawa niya. Ilang beses niyang sinubukang mag-suicide by chocolate pero hindi naman siya namatay. Nagkaroon lang siya ng extra bilbil at baba na two years na ay hindi pa rin tuluyang nawawala.

Pero nakabangon naman siya, di ba? Naka-move on din siya.

At ngayong break na ang dalawa, si Laura ang kasama ni Hank sa bar para damayan ito sa pagluluksa. Well, sa totoo lang, naroon lang naman siya para siguruhing makakauwi ito nang maayos. Nagpapakalasing kasi ang lalaki. Kulang na lang ay ibuhos nito ang isang case ng beer sa batya at ilublob na lang ang mukha nito roon.

Kasama nila ang iba pang kabarkada ni Hank pero nauna pang nalasing ang mga ito at kasalukuyang naghahasik ng lagim sa stage dahil karaoke night sa bar na pinuntahan nila. Buti na lang at magaganda ang boses ng mga kabarkada ni Hank, kundi baka napaaway ang mga

ito.

Huwag lang nilang maisipang kumanta ng *My Way*,
Diyos na mahabagin! Baka may mabaril!

Pero teka. Dapat ba masaya siya? Break na ang dalawa.
May pag-asa na siya kay Hank!

Kaya lang naniniwala rin si Laura sa *thou shall not fall
for your best friend's ex.*

“Sinusubukan ko naman, Laurie.”

Ito lang tumatawag sa kanya ng *Laurie*. She didn't like
the name pero kapag si Hank, okay lang. Masaya ang puso
niya sa special nickname nito sa kanya.

“Pero kulang pa rin talaga. Hindi ko na alam kung
paano ko pa siya pasasayahin nitong huling mga linggo.”

“Ano ba kasi'ng s'abi niya?”

Mapait na tumawa ang lalaki. “Na hindi na raw niya
kayang hintayin na magtino ako. Gusto raw niya ng
lalaking may ambisyon para raw may marating sa buhay.
Di ba parang ininsulto niya 'yung pagkalalaki ko sa sinabi
niya? Ano ba ang akala niya sa 'kin? May trabaho ako.
Hindi ako umaasa sa mga magulang ko. May ipon ako.
Ano pa ba ang gusto niya? Maging CEO ako ng isang
multinational company?”

Well, he could be if he wanted.

May-ari ang pamilya nito ng isa sa pinakamalalaking

seafood processing and canning facilities sa bansa na naka-base sa General Santos City kung saan ipinanganak si Hank. Lahat ng mga kamag-anak ng binata ay doon nagtatrabaho, mula sa ama nito na kasalukuyang CEO hanggang sa malalayong kamag-anak ng binata na pawang factory workers.

Iyon ang minsang inireklamo ni Ingrid kay Laura, kung bakit daw nagtatiyaga si Hank na mag-technical support representative sa call center. Ni hindi raw ito mag-apply na team leader! Wala raw talaga itong pangarap. Nahihiya na raw si Ingrid na kapag tinatanong ito tungkol sa boyfriend, call center agent lang ang isinasagot nito samantalang na-promote na ang babae sa “seryosong trabaho” na pinapasukan nito. Kung doon na nga lang daw ba kasi si Hank sa kompanyang pag-aari ng pamilya nito, di wala raw sanang problema.

Napag-usapan na rin naman nina Hank at Laura iyon noon pa. Pakiramdam daw kasi ng binata, hindi para rito ang business ng pamilya.

“Gusto ko namang maging CEO, Laurie, pero sigurado akong wala sa sardinas at tuna ang kapalaran ko.”

“Nagtatiyaga” lang din si Hank sa call center dahil ayaw naman nitong walang trabaho habang hindi pa nito sigurado ang gustong gawin sa buhay. At hindi rin ito nag-

a-apply para ma-promote dahil alam din ni Hank na hindi ito magtatagal sa kompanya.

Hindi na iyon sinabi ni Laura kay Ingrid dahil alam niyang idadagdag lang iyon ng best friend niya sa mga isusumbat nito sa lalaki.

Sa background, nagsimulang kumanta ang isa sa mga kabarkada ni Hank na si Ash.

“*Umiiyak ang aking pusong... nag-iisa,*” sabi nito.

“*Ngunit ayokong... may makakita...*”

Napapikit si Hank bago in-straight ang laman ng bote ng beer.

Hindi alam ni Laura kung tatawa o ano. Tumikhim siya at sumimsim sa baso niya ng *Coke*.

“Ano kaya’ng pwede kong gawin para makipagbalikan siya?” tanong muli ni Hank na may puppy dog eyes pa.

“*Mga araw na nagdaan...*” patuloy na kanta ni Ash sa background. “*Kailanma’y hindi malilimutan.*”

Sa puntong iyon, gusto na rin ni Laura ng beer.

“Hindi ko rin alam, Hank. Kasi kung nakipag-break siya—”

“Paano kaya kung magsimula na lang ako ng sarili kong business?”

Nagulat siya. “Ah, medyo biglaan naman yata.”

Nagkaroon ng kakaibang ningning sa mga mata ni

Hank. Biglang nagkaroon doon ng determinasyon bago nag-focus sa malayo ang paningin nito. Halos makita ni Laura ang mga dumaraan sa isip ng lalaki.

“Di ba gusto mong magtayo ng bar na tulad nito?”

Nanlaki ang mga mata niya. “O, bakit napunta sa ’kin ang usapan?”

Muli siya nitong binalingan. “Paano kung tulungan kita? Magtayo tayo ng business.”

Tiningnan ni Laura ang hawak niyang baso. May alkohol ba na di niya nalalaman ang iniinom niya kaya kung anu-ano na ang naririnig niya?

Nagulat siya nang abutin ni Hank ang isa niyang kamay at mahigpit iyong hinawakan. “Di ba matagal mo nang pangarap ang bar? Alam ko college pa tayo, ito na ang gusto mo. Kapital lang ang problema mo. Ako na ang bahala d’un basta kunin mo akong business partner. Hindi ako makikialam unless hingin mo ang tulong o opinyon ko. Just... just give me the chance to prove to her that I can do it, that I can be someone she can be proud of.”

“Ang pag-i-i-ibig kong ito, luha ang tanging nakamit buhat sa ’yo-oh!” patuloy sa pagkanta ng lasing na lasing na si Ash sa stage habang ginagatungan ng isa pa nitong lasing na kabarkada na si Marlon.

Angkop din yata sa soundtrack ng buhay—hindi lang

ni Hank—kundi pati ni Laura ang kanta. Dahil ano nga ba ang nakamit niya sa pag-ibig niya kay Hank kundi luha, luha at mas marami pang luha?

Lalo na ngayong gusto ng lalaki na tulungan niya itong makuha ulit ang best friend niya. Ang kapalit niyon ay ang pagtulong nitong matupad ang pangarap niya. Kung paano nito gagawin iyon, hindi niya alam. Basta ang alam niya, maparaan si Hank. Kulang lang talaga sa motivation at simple lang ang mga pangarap.

But that didn't make him a bad guy. Sabi nga nito, may trabaho itong tao, kumikita ng sariling pera, hindi umaasa sa mga magulang. Kung tutuusin kaya na nitong magtaguyod ng maliit na pamilya sa kinikita nito. Si Ingrid lang talaga ang may pangarap na mag-asawa ng mayaman. Iyon kasing best friend niya ang career-driven at workaholic. Si Hank, happy-go-lucky at laidback lang.

At ngayon, habang nakatingin ito, ang lalaking mahal ni Laura, sa mga mata niya, nagsusumamo, nagmamakaawa na tulungan niyang patunayan sa best friend niya na ito talaga ang tamang lalaki para rito, hindi niya alam kung paano ito tatanggihan. Kahit pa panibagong torture na naman iyon sa kanya.

“Kaya’t sa Maykapal tuwina’y dalangin ko, sana’y kapalaran ko ay magbago! Yeah!” pagtatapos ni Ash.

God, sana nga magbago naman ang kapalaran niya sa lalaking ito.

Bumuntong-hininga si Laura. “Pag-usapan na lang natin kapag hindi ka na lasing, okay?”

“Hindi ako lasing!” giit ni Hank.

Inikot ni Laura ang eyeballs niya.

“Pero pag-uusapan natin, di ba?” muli nitong pagsusumamo habang hinihigpitan ang hawak sa kamay niya. “Di ba?”

Muli siyang bumuntong-hininga. “Oo na. Kung maaalala mo pa bukas ’yang sinabi mo, tawagan mo ako. Pag-usapan natin.”

He smiled at her, a dazzling, charming smile that was too boyish for his harshly masculine face. Wala na, natunaw na si Laura.

“Thanks, Laurie. The best ka talagang kaibigan.”

She sighed and drank her *Coke* like it was whiskey.

Sana’y kapalaran ko ay magbago...



Parang tumingin sa laser si Hank nang magising siya kinabukasan at agad nasilaw sa sinag ng araw. Pumikit siya at napamura bago hinila ang unan para takpan ang mukha. Parang lalong pinagsisipa ng construction crew na nasa

loob ng ulo niya ang bungo niya.

What the f*ck did he drink last night? And why the f*ck did he drink in the first place?

Mabilis niyang naalala kung bakit. Nakipag-break sa kanya si Ingrid dahil wala siyang ambisyon at naiinip na itong *ayusin* niya ang buhay niya.

“Call center ka na nga lang nagtatrabaho, ayaw mo pang i-improve ’yang sarili mo! You could have applied to become a TL, pero what? Pinalampas mo na naman ’yung chance! Ano ba’ng gusto mo, Hank? Ganyan ka na lang ba habambuhay?”

Kaya naman hindi nag-apply na mag-TL si Hank, hindi siya sigurado kung gusto niyang magtagal sa call center. Hindi siya nagtatiyagang mag-agent dahil wala siyang ambisyon. Wala lang talaga siyang maisip na ibang gustong gawin sa ngayon. Ano naman iyon, tatambay lang siya habang nagmumuni-muni? Siyempre gusto ni Hank may trabaho rin siya habang nag-iisip ng ibang career course. Malay ba niya kung gusto pala talaga niyang magtayo ng beauty parlor pero hindi pa niya na-re-realize iyon?

Kaya lang hayan, nainip na si Ingrid at nakipag-break na sa kanya. Wala man lang pasabi, nakipaghiwalay na lang talaga ito. Ni wala man lang ultimatum eh.

Pero sige na, dahil mahal niya si Ingrid, gagawin niya ang gusto nito. Gusto nitong ayusin niya ang buhay niya? Puwes iyon ang gagawin niya, ngayon din! Ay, hindi pala. Mamaya na pala . Because right now his head was aching like a motherf—

Naniningkit, nag-angat ng ulo si Hank nang may marinig na kaluskos sa sahig. Tumingin siya sa gilid ng kama at nakitang nakalatag sa sahig ang tatlo sa apat niyang mga kaibigan.

Pinakamalapit sa tabi ng kama si Marlon. Sigurado siyang si Marlon iyon dahil nakabalot na parang lumpia mula ulo hanggang paa at namamaluktot. Eh, ito pa naman ang pinakaginawin sa kanila...

Nasa gitna ng tatlo si Ash, nakatihaya, nakapatong sa noo ang isang bisig at nasa sikmura ang kabilang kamay habang nakalabas mula sa kumot ang isang mahabang binti. Nasa kabilang dulo si Lester, nakatagilid patalikod sa kanila. Ito ang gumawa ng ingay nang tumagilid ito. As usual, wala si Ronald. Hindi iyon uuwi sa ibang bahay maliban sa bahay ng girlfriend nito.

Paano nga sila nakauwi rito ulit?

Malamang dahil kay Laura—babysitter, designated driver, all around good girl at pinakamatalik na kaibigang babae ni Hank. Maaasahan talaga niya ito.

Sana naroon pa ito ngayon para alagaan siya dahil masakit ang ulo niya at kumakalam ang kanyang sikmura. Napakasarap pa naman nitong magluto at gusto ni Hank ng masarap na almusal.

Bumangon na siya. Doon siya sa paanan dadaan dahil sigurado niyang susubsob siya sa mga kaibigan kung makikipagpatintero siya sa mga ito.

Nakalakad naman siya papunta sa CR. Gumamit siya ng toilet, naghilamos, sabay inom derecho mula sa gripo dahil baka mamatay na siya sa dehydration. Nag-toothbrush na rin siya.

Saka siya lumabas ng silid at nagpunta sa kusina. Nakahawak siya sa pader para hindi siya matumba. Wala namang nakakakita kaya di na siya magpapanggap.

Pagdating niya roon, nagsisimula nang gumawa ng kape ang coffeemaker niya. Malamang ipinrogram na ni Laura bago ito umalis kanina. Kung naroon ang babae, nahalikan niya ito sa paa sa galak.

Hawak na niya ang isang tasa ng umuusok na kape nang kunin niya ang cordless phone para tawagan ang babae. Naupo siya sa isa sa mga stools na nakapalibot sa island na naghihiwalay sa kusina at sa dining area ng condo niya.

“Hello?” sagot nito sa tawag niya, mababa at antok na

antok ang tinig.

“I love you.”

Sigurado niyang inilayo nito sa tainga ang telepono para tingnan ang readout sa screen niyon para masigurong siya nga ang kausap nito.

“Hank?”

Natawa siya. “Oo. Sorry, nagising kita.”

“No, okay lang.” Naghikab ito at napangiti si Hank dahil na-imagine niya ang hitsura nitong parang kuting.

Laura would never be the beauty Ingrid was.

Matangkad kasi ang ex niya at maporma. Kahit pupunta lang sila sa mall, mukha itong maglalakad sa runway.

Kabaliktaran si Laura na minsang sumama sa kanya sa mall na nakapambahay, walang makeup at naka-ponytail lang. Mas maliit din si Laura at mas bilugan ang katawan. But that didn't mean she wasn't beautiful because he had always thought that she was. She was also incredibly cute.

“Late na rin naman na,” patuloy nito. “Kailangan ko nang bumangon.”

“Thank you sa paghatid sa 'min kagabi at sa pag-program ng coffeemaker ko.”

Narinig niya ang pagkilos nito sa higaan. “You're welcome. Saka lagi rin kitang tagahatid kaya okay lang na ako naman kapag nakainom ka. Nag-iwan din ako ng

gamot sa sakit ng ulo sa center table sa sala. Bigyan mo kaagad si Lester pagkagising niya. Alam mo naman 'yun, kahit isang beer lang ang inumin, matindi na kaagad ang hangover.”

“Yes, Mommy.”

She snorted in reply. Tamang-tamang lumabas na rin si Lester ng kuwarto. Gaya ng inaasahan, dinidiinan na ng lalaki ang sentido nito.

Tinakpan niya ang receiver ng telepono. “May gamot sa sala,” sabi niya sa kaibigan. Tumango si Lester at dumerecho sa living room.

“Ikaw, hindi ba masakit ang ulo mo?” tanong ni Laura.

“Medyo, pero kayang daanin sa tubig at kape.”

“All right.”

“Hindi ko nakalimutan 'yung pinag-usapan natin kagabi.”

Saglit na natigilan ang babae. “Alin d'un?”

“Yung business venture natin.”

“Hindi ba usapang lasing lang 'yun?” Tumawa si Laura. Sa kabila niyon, narinig niya ang pag-asa sa tinig ng kaibigan. Kilala ni Hank ang babae kaya hindi nito maitatago ang mga moods nito sa kanya.

Noong unang beses na nginitian siya nito noong unang araw nila bilang college freshmen sa *La Salle*, alam

na niyang magiging magkaibigan silang dalawa. Naging madali sa kanya ang makipaglapit dito. Mabait din kasi talaga si Laura at mabilis ding nakamit ang “kabarkada” status nito kina Lester na barkada naman niya noong high school sa *Xavier*.

“Seryoso ako d’un,” giit niya.

“Tek, in case na sa sobrang kalasingan mo kagabi eh hindi mo alam ang mga sinabi mo, ito ang napag-usapan natin: Gusto mo akong tulungang mag-open ng pangarap kong bar dahil gusto mong ipakita kay Ingrid na mali siya at kaya mo talagang maging responsible adult kung gusto mo.”

“Yun ba ’yun?”

“Hank!”

Tumawa siya. “Oo! ’Yan nga! Saka matino na ako ngayon pero hindi pa rin nagbabago ang isip ko. ’Yan pa rin ang gusto ko. So, what do you say?”

“Hmm, I don’t know,” Laura started reluctantly. “Kasi ako, pangarap ko talaga ’to. Baka kasi sa kalagitnaan ng project magsawa ka ’tapos iwan mo na lang ako sa ere.”

Pumalatak siya. “Tingnan mo ’to. Kelan ba kita iniwan sa ere?”

“Hindi pa, pero kasi iba ang motivation mo. Paano kung bigla mong ma-realize na ayaw mo na palang

makipagbalikan kay Ingrid? Ano pa'ng magiging dahilan mo para ituloy 'yung project?"

"Eh di ikaw," mabilis niyang sagot na kunot na ang noo. "Ito naman. Para namang hindi tayo magkaibigan. Siyempre itutuloy ko pa rin para sa 'yo. Saka kung bigla na lang kitang iwan, di pinatunayan ko na rin na tama si Ingrid. Mahiya naman ako sa 'yo saka sa balat ko."

Hindi ito sumagot kaagad kaya nagsalita siyang muli. "Laurie, trust me. The more I think about it, the more I want to do it."

She sighed. "Mahalaga kasi talaga sa 'kin 'to, Hank. As in hopes and dreams level ito, kasama puso't kaluluwa. Hindi 'to joke sa 'kin. Hindi ito means para patunayan mo ang sarili mo. Buhay ko 'to, Hank. Future ko."

Naisip niyang sana kasama niya ito para naakbayan niya ang babae. Alam naman niya kung gaano talaga kahalaga para rito ang kanyang alok. Hindi niya ito bibiguin.

"Laurie, I promise, tatapusin nating dalawa 'to."

Narinig niyang bumuntong-hininga ang kausap. "Sige nga. Paano natin gagawin?"

Mabilis na gumana ang isip ni Hank. "May ipon ako. Hindi sa pagmamayabang pero medyo malaki 'yun. Kung kulang pa, pwede tayong mag-loan sa bangko. Real estate

development at construction ang negosyo ng pamilya ni Ash. Maliit lang ang project natin kaya mani lang 'to sa kanila. Baka isang buwan lang tapos na nila 'yung bar. Kung di nila tatanggapin 'yung project, sigurado namang pwede nila tayong i-refer sa mapagkakatiwalaang kompanya.

“Sa design naman, sabihin lang natin kay Marlon. Kahit di pa graduate 'yun, maiinsulto 'yun kung di tayo magpapatulong sa kanya sa design. 'Tapos sila na rin ni Lester ang bahala sa marketing at advertising pag bukas na 'yung bar. See? Makakatipid tayo. Ang hihingin lang naman n'ung mga 'yun, eh, habambuhay silang libre sa bar natin.”

Mahinang tumawa si Laura. “Okay, ah. Parang matagal mo nang pinag-isipan 'to.”

“Oo naman. Mga ten minutes. Sabi sa 'yo hindi naman sa wala akong skills sa ganito o na wala akong ambisyon. Mabagal lang talaga akong kumilos kasi gusto ko 'yung tamang timing.”

“Alam mo, alam ko naman 'yan. I'm sorry hindi ka naintindihan ni Ingrid,” tahimik nitong saad.

“Madalas nagkakagan'un kung ikinukumpara ng isang tao sa sarili niya ang isang taong iba sa kanya. Lalo na kung mas mataas ang tingin niya sa sarili niya.”

Muling bumuntong-hininga si Laura. “Siguro.”

“So paano? Payag ka na?” paglalalambing niya.

Muling tumawa ang babae. “Pag-iisipan ko muna.”

“Bakit pa?”

“Ano ka ba? Ilang taon ko na ’tong gusto, Hank. Saka wala ka sa mga plano ko. Kailangan kong i-adjust lahat ng mga gusto ko para isama ka.”

“Eh sabi ko naman sa ’yo hindi ako makikialam.”

“Yan ang sinasabi mo ngayon pero I’m sure kapag nand’yan na, may mga opinyon ka na. Pag-iisipan ko muna. Saka mas mabuti kung pag-isipan mo na rin dahil baka nabibigla ka lang.”

“Laurie, kilala mo ako. Alam mong kapag sinabi ko, tinutupad ko,” paalala niya rito.

“I know,” mahinang sagot ng babae. “Basta. Just... just let me think about it, okay?”

Bumuntong-hininga siya. “All right. Pag-usapan na lang natin ulit.”

“Okay,” anito bago iniba ang usapan. “May pagkain ba kayo d’yan?”

“Hindi ko alam. Malamang wala. Pero hayaan mo na, magpapa-deliver na lang kami—”

Nagulat pa si Hank nang makitang may tatlo nang mga higanteng nakatambay sa counter ng kusina niya at

parang dinadasalan ang coffeemaker na para bang mas bibilis iyong gumawa ng kape sa ginagawang pagbabantay ng mga ito. Hindi niya namalayang lumabas na pala ng kuwarto niya ang mga kaibigan.

“Okay. Sige na. Bababa na rin ako para kumain.”

“Pag-isipan mo ’yung pinag-usapan natin, ha.”

“Opo na. Basta ikaw rin. Huwag kang mahiya kung gusto mong bawiin ang sinabi mo. Talk to you later!”

Hindi na niya kinontra si Laura. Nagpaalam na lang din siya at ibinaba ang telepono. Kahit ilang beses naman niyang ulitin dito na hindi na magbabago ang isip niya, hindi ito maniniwala. There was nothing else to do but to prove to her that he meant what he said.

